Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE**
**PUERTO PRINCESA CITY**
South National Highway, Bgy. Sta. Monica Puerto Princesa City
Email Address: cenropuertoprincesa@denr.gov.ph
Tel. Fax No.: (048) 717-0702

Nobyembre 3, 2022

PAKSA: LIHAM NA MAY PETSANG OKTUBRE 11, 2022 MULA KAY DONALD L. JUAN

**Ginoong Donald L. Juan**
Tanggapan ng Punong Tribu
Bgy. Kamuning, Puerto Princesa City
Telepono Bilang: 0975-485-7328 / 0936-087-8485

Sa inyo G. Juan,

Isang Maka-kalikasang Pagbati!

Ito po ay may kaugnayan sa inyong liham para kay Ginoong Felizardo B. Cayatoc, PENR Officer, na may petsang Oktubre 11, 2022 at Setyembre 14, 2022. Ang dalawang sulat ninyo ay ibinaba sa aming opisina para sa kaukalang aksyon.

Sa inyong liham na may petsang Setyembre 14, 2022 ay mayroon kayong binabanggit na "Notice to the Public" na may petsang Nobyembre 4, 2019 na di-umano ay nilagdaan ni Ginoong Johnny P. Lilang, OIC Chief, Technical Services Division, Officer-In-Charge.

Kung inyong susuriin ng mabuti ang nasabing liham ni OIC Johnny P. Lilang, ito ay Memorandum para sa opisina ng CENRO, Puerto Princesa na nagsasasaad na:

> *"Please conduct record verification, ocular inspection and submit your recommendation. Directly inform the party of action taken on the matter and copy furnish this Office".*

Ang mga nakasulat sa gawing itaas na "Notice to the Public" at ang nakasulat sa gawing ibaba na "Mahigpit na ipinagbabawal ang pagbibinta ng lupaing nakasaad sa itaas" **AY HINDI BAHAGI NG ORIHINAL NA LIHAM**. Kung kaya't walang nababanggit saan mang parte ng liham na ang DENR ay may ginawang pag-endorso at pagsuporta sa kahiligan ng SALUPFA Inc.

Kaugnay naman po sa inyong liham na may petsang Oktubre 11, 2022 na nagnanais malaman kung natugunan ba ang inyong kahilingan sa inyong liham na may petsang Setyembre 14, 2022, nais naming ipabatid ang mga sumusunod:

1. Sa inyong kahilingan na huwag na po ninyong payagang pasukin at bawiin na po ninyo ang ginawang pag-endorso at pagsuporta ng inyong tanggapan sa kahilingan ng SALUPFA, Inc.
   - Katulad ng nabanggit sa unang bahagi ng liham na ito ay walang pag-endorso o pagsuporta ang aming opisina sa SALUPFA.
   - Wala rin po kaming pagpayag sa anumang pagpasok o pag-okupa ng SALUPFA sa mga lupain na nababanggit.
   - At sapagkat ang nababanggit na lupain ay napapaloob sa Iwahig Prison and Penal Farm ayon sa batas Executive Order No. 67 na nilagdaan noong Oktubre 15, 1912 ni Governor Newton Gilbert, ang usapin ukol sa lugar ay aming inindorso sa

Superintendent, Iwahig Prison and Penal Farm (IPPF) sa aming sulat na may petsang September 27, 2019.

Iginagalang po naming ang BatasRA 8371 o IPRA katulad din ng iba pang mga batas na umiiral at ipinapatupad sa ating bansa.

Marami pong salamat sa inyong patuloy na pakikipag-ugnayan sa inyong lingkod.

Lubos na gumagalang,

**PEDRO A. VELASCO**
DMO IV/OIC-CENRO

Cc: **PENRO Palawan**

**CENRO**/File
*DRN-2022-8568/RPS/*cpbm*

**The RED**
DENR MIMAROPA Region
1515 DENR By the Bay Building, Roxas Boulevard,
Bgy. 668, Ermita, Manila

DENR MIMAROPA REGION
CENRO PUERTO PRINCESA
RELEASED
NO: 4893
DATE: 11-22-22
BY:

South National Highway,
Bgy. Sta. Monica Puerto Princesa City
Email Address: cenroppchuc@yahoo.com
Tel. Fax No.: (048) 433-0660